



**LONG BEACH**  
**Utilities**  
Water · Gas · Sewer

# NOTICE OF PUBLIC HEARING

CITY OF LONG BEACH

**(PAUNAWA NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG)**

## **Panukalang Pagtaas ng Bayad sa Tubig at Alkantariya (Sewer)**

Noong ika-5 ng Nobyembre 1996, inaprubahan ng ga botante ng California ang Proposition 218, na inaamyenda ang California Constitution kaugnay sa mga lokal ng gobyerno, kabayaran at singil, kasama ang para sa tubig at alkatanrilya. Alinsunod sa Proposition 218, ang Long Beach Utilities Department ay magkakaroon ng pampublikong pagdinig sa ika-19 ng Agosto 2024 para pagisipan ang pagprotesta ng publiko sa panukalang pagtaas sa presyo ng tubig at alkantariya ng Lungsod. Kung ma-ipatupad, ang panukalang presyo ay magkakabisa simula ika-1 ng Oktubre 2024. Ang Lungsod ng Long Beach at ang may account ng tubig at alkantariya ay maaaring magprotesta tungkol sa mga panukalang pagbabago sa pamamagitan ng pagsulat o pasalita. Para maging kwalipikado, mga protesta ay dapat matanggap bago magsara ang pampublikong pagdinig.

**SULAT NG PROTESTA AY DAPAT MATANGGAP SA PETA SA NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG AT IPADALA SA KOREO O EMAIL**

Long Beach Board of Utilities Commissioners  
Attn: Executive Assistant to the Board  
1800 East Wardlow Road  
Long Beach, CA 90807  
Email: [Commission@lbutilities.org](mailto:Commission@lbutilities.org)

**PETA SA NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG MONDAY, AUGUST 19, 2024, AT 7:00 P.M.**

Long Beach Utilities Building  
1800 East Wardlow Road  
Long Beach, CA 90807

### **Bakit ako nakakatanggap nitong paunawa?**

Binubuo ng California Proposition 218 ang isang proseso kung saan ang mga lungsod ay maaaring magpataw ng dagdag sa ilang tipo ng mga kabayaran. Mga partikolar na “bayad kaugnay sap ag-aari” (property related fees), kasama ang bayad sa alkantariya at tubig, ay mapapasailalim ng may paunawang pampublikong pagdinig at karamihan ng proseo ng protesta. Itong paunawa ay bahagi ng proseso. Bilang tinukoy na may account na mapapasailalim ng panukalang bayad sa tubig at alkantariya, makakatanggap ka ng paunawa ng hindi kukulang sa 45 na araw bago ang pampublikong pagdinig, na naka-iskedyul para sa ika-19 ng Agosto 2024.

Lahat ng may-ari ng record at mga miyembro ng publiko ay inaanyayahan na dumalo sa pampublikong pagdinig, kung saan ang Board of Utilities Commissioners ay pakikinggan lahat ng testimonyo at protesta sa panukalang pagtaas ng bayad. Sa pagtapos ng pampublikong pagdinig, ang Board ay maaaring magpatupad ng bagong bayad kung ang mga protesta sa panukalang pagtaas ay hindi na-presenta ng karamihan ng natukoy na account kung saan ang bayad ay sisingilin, o “sa karamihang pagprotesta.”



# NOTICE OF PUBLIC HEARING

CITY OF LONG BEACH

(PAUNAWA NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG)

## Panukala bayad para sa tubig at alkantariya

Inaparubahan ng Long Beach Board of Utilities Commissioners ang 11 porsiyento na pagtaas sa lahat ng bayad sa tubig na babayaran ng lahat ng kostomer ng tubig ng Long Beach Utilities Department at 8 porsiyento na pagtaas sa lahat ng bayad para sa alkantariya na babayaran ng lahat ng kostomer ng Long Beach Utilities Department, alinsunod sa isang pampublikong pagdinig at pag-apruba ng konseho ng lungsod. Kung ma-aprubahan, ang dagdag sa bayad sa tubig at alkantariya ay may bisa sa ika-1 ng Oktubre 2024. Isang detalyadong mesa ng panukalang halaga para sa lahat ng klase ng kostomer ay nakalagay sa katapusan nitong paunawa.

## Paano kakalkulahin ang bill?

Bawat bill ng kostomer ay may dalawang hiwalay na nilalaman:

- (i) isang arawan na serbisyo base sa metro ng kostomer at bilang ng araw sa panahon ng billing.
- (ii) isa singil na volumetric base sa dami ng tubig na kinonsumo ng kostomer sa panahon ng billing.

## Epekto sa karaniwang buwanan na bill

Serbisyo	Kasalukuyan	Panukalang pagtaas	Total
Tubig	\$56.79	\$6.25	\$63.04
Sewer (Alkantariya)	\$11.37	\$0.91	\$12.28

*Paalala: Bilang isang halimbawa, sinasalaming ito ang average na buwanan na bill para sa serbisyo ng karaniwang isahang pamilyang bahay, na ipinapalagay sa 9 ng billing unit. Isang billing unit ay mayroong 748 na galon.*

*Para sa impormasyon sa pagkalkula ng inyong bill at panukalang presyo, bumisita sa [LBUtilities.org/rates](http://LBUtilities.org/rates).*

## Bakit tumataas ang halaga ng tubig?

Ang kita galing mula sa bill ng kostomer ay ginagamit para bayaran ang kasalukuyang operasyon, pagpapanatili, pagpapaayos at pagpalit ng sistema ng tubig ng Long Beach. Sa tatlong workshop ng budget ng publiko at rates nong Mayo at Hunyo, natukoy ng Board at binigyang priyoridad ang mga pagpondo sa mga pinanggalingan ng lokal na tubig lupa, kasama ang mga bagong balon ng tubig lupa, pati na rin ang mga pagpapaayos ng mahigit sa 1,800 ng pipeline at mga tanke ng storage. Sinamahan pa ng mahusay na pagsisikap para sa pagtitipid ng mga kostomer, pagpondo ngayon sa ating sistema



LONG BEACH  
**Utilities**  
Water · Gas · Sewer

# NOTICE OF PUBLIC HEARING

CITY OF LONG BEACH

(PAUNAWA NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG)

ng tubig ay magbibigay ng katiyakan sa pagpanatili ng supply ng tubig na inumin para sa komunidad at pangmatagalan na pagtitipid para sa mga kostomer sa pamamagitan ng pabawas sa ating pag-asa sa mahal na imported na tubig. Para makita ang presentasyon at marinig ang audio files mula sa public budget workshop na ginanap noong ika-2 ng Mayo, at ika-16 ng Mayo, at ika-6 ng Hunyo, bumisita sa [LBUtilities.org/budget](http://LBUtilities.org/budget).

Patuloy ang Long Beach Utilities Department sa pagbawas ng gastos kung saan man posible para mapagaan ang pagdagdag sa bayad sa tubig. Nauunawaan ng Departamento na maraming residente at mga negosyo ay maaaring maapektuhan ng mga kasalukuyang mga balakid na pang ekonomiko. Ang mga panukalang mga presyo ay nirerepresenta ang pinakamababang posibleng pagtaas na nagpapahintulot sa Departamento na sapat na magpondo sa ating imprastuktura para patuloy ang pagbigay ng ligtas, maasahan na tubig inumin para sa komunidad. Patuloy pa rin na mas mababa ang tubig sa Long Beach kaysa sa karamihan ng mga lungsod ng California, kasama ang Los Angeles, San Diego, San Francisco at Oakland.

## **Bakit tumataas ang presyon ng alkantarilya?**

Katulad ng sistema ng tubig inumin, ang Long Beach Utilities ay mayroong lumang sistema ng alkantarilya. Pinakamahusay na pagsasagawa sa sistema ng alkantarilya ay sinama ang matatag, at aktibong pagpapanatili at paglinis. Para protektahan ang kalusugan ng publiko, ang ating kapaligiran at pagiging maasahan ng sistema ng alkantarilya, ang Long Beach Utilities ay natukoy ang mga bagong teknolohiya at equipment para gamitin ang mga partikular na lugar sa sistema ng alkantarilya ng Long Beach para maiwasan ang mga pagtapon mula sa alkantarilya. Sa paggamit ng data mula sa closed circuit television (CCTV) footage, ang Departamento ay natukoy din ang kasalukuyang imprastuktura para muling ayusin. Mga bagong bagas at tuntunin ay nagdagdag sa kadalasan ng kinakailangan ng kinagawian na sistema ng maintenance at pagpapahusay ng imprastuktura ng alkantarilya.

## **Ang proseso ng "majority protest" (protesta ng karamihan)**

Lahat ng protesta ay dapat gawin sa pagsulat o pasabi sa oras ng pagdnig para mabilang patungo sa majority protest. Maaari magsumite ng isang sulat ng protesta sa koreo, email o sa personal sa pampublikong pagdinig. Mga pinadala sa koreo o email na protesta ay dapat matanggap ng Executive Assistant sa Long Beach Board of Utilities Commissioners (hindi postmarked) sa pagsara ng pampublikong pagdinig sa ika-19 ng Agosto 2024. Kung hindi nakapaghanda ng sinulat na protesta ng maaga, maaaring magsumite ng pasabi na protesta sa personal sa pampublikong pagdnig.

Kailangan pirmahan ang nakasulat na protesta o pasabi sa personal at kasama ang iyong pangalan, tirahan. Kung sinumang may ari ng tinukoy na account ay nagsampa ng protesta, ang account na yon ay ipapalagay na nagprotesta sa panukalang pagtaas ng presyo. Isang protesta ay bibilangin patungo sa majority protest.



LONG BEACH  
**Utilities**  
Water · Gas · Sewer

# NOTICE OF PUBLIC HEARING

CITY OF LONG BEACH

**(PAUNAWA NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG)**

Ang Long Beach Utilities Executive Assistant ay susumahin ang protesta kaagad pagkatapos ng pagsara ng pampublikong pagdinig at iuulat ang resulta direktso sa Long Beach Board of Utilities Commissioners. Ang board ay maaaring magpatupad ng mga bagong presyo kung ang mga protesta ay laban sa panukala ay hindi pinresenta ng karamihan ng natukoy na accounts kung saan ang panukalang mga presyo ay sisingilin.

- Kung hindi nais iprotesta ang panukalang presyo, hindi kailangan ng aksyon.
- Kung nais iprotesta ang panukalang presyo, kailangan magbigay ng protesta tulad ng binalangkas sa itaas.

Para mabasa ang sinalin na kopya nitong Paunawa ng Pampublikong Pagdinig sa Espanyol, Khmer or Tagalog, bumisita sa [LBUtilities.org/budget](http://LBUtilities.org/budget) o tumawag (562) 570-2300 para mapadalan kayo. Para humiling nga interpretasyon sa pampublikong pagdinig, mag-email sa [commission@lbutilities.org](mailto:commission@lbutilities.org) bago ika-5 ng Agosto 2024, bago mag 5:00 p.m.



**LONG BEACH**  
**Utilities**  
 Water · Gas · Sewer

# NOTICE OF PUBLIC HEARING

CITY OF LONG BEACH

(PAUNAWA NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG)

La Junta de Comisionados de Servicios Públicos de Long Beach ha aprobado un aumento del 11 por ciento en todas las tarifas de agua que pagarán todos los clientes de agua del Departamento de Servicios Públicos de Long Beach y un aumento del 8 por ciento en todas las tarifas de alcantarillado que pagarán todos los clientes de alcantarillado de Long Beach Utilities, sujeto a una audiencia pública y la aprobación del Ayuntamiento. Si se aprueba, el aumento de las tarifas de agua y alcantarillado entrará en vigor el 1 de octubre de 2024.

Para leer una copia traducida de este Aviso de audiencia pública en español, jemer o tagalo, visite [LBUtilities.org/budget](http://LBUtilities.org/budget) o llame al (562) 570-2300 para que le envíen una. Para solicitar interpretación de idiomas en la audiencia pública, envíe un correo electrónico a [Commission@lbutilities.org](mailto:Commission@lbutilities.org) antes del 5 de agosto de 2024 a las 5:00 p. m.

គណៈកម្មាធិការសេវាប្រើប្រាស់ក្នុងទីក្រុងឡងប៊ិចបានអនុម័តដំឡើងថ្លៃទឹកចំនួន 11 ភាគរយចំពោះរាល់តម្លៃទឹកទាំងអស់ដែលត្រូវបង់ដោយអតិថិជនទឹករបស់នាយកដ្ឋានប្រើប្រាស់ទឹកឡងប៊ិចទាំងអស់ និងការកើនឡើងចំនួន 8 ភាគរយចំពោះអត្រាប្រព័ន្ធលូទាំងអស់ដែលត្រូវបង់ដោយអតិថិជនប្រព័ន្ធលូឡងប៊ិច Utilities ទាំងអស់។ សវនាការសាធារណៈ និងការយល់ព្រមពីក្រុមប្រឹក្សាក្រុង។ ប្រសិនបើមានការយល់ព្រម ការដំឡើងថ្លៃទឹក និងល្អមានប្រសិទ្ធភាពនៅថ្ងៃទី 1 ខែតុលា ឆ្នាំ 2024។

ដើម្បីអានច្បាប់ចម្លងនៃសេចក្តីជូនដំណឹងស្តីពីសវនាការសាធារណៈនេះ ជាភាសាអេស្ប៉ាញ ខ្មែរ ឬភាសាតាហ្គាឡុក សូមចូលទៅកាន់ [LBUtilities.org/budget](http://LBUtilities.org/budget) ឬទូរស័ព្ទទៅ (562) 570-2300 ដើម្បីឱ្យមានការផ្ញើជូនអ្នក។ ដើម្បីស្នើសុំការបកស្រាយភាសានៅសវនាការសាធារណៈ សូមផ្ញើអ៊ីមែលមក [commission@lbutilities.org](mailto:commission@lbutilities.org) ត្រឹមថ្ងៃទី 5 ខែសីហា ឆ្នាំ 2024 វេលាម៉ោង 5:00 ល្ងាច។

Inaprubahan ng Long Beach Board of Utilities Commissioners ang 11 porsiyentong pagtaas sa lahat ng mga rate ng tubig na babayaran ng lahat ng mga customer ng tubig ng Long Beach Utilities Department at isang 8 porsiyentong pagtaas sa lahat ng mga rate ng sewer na babayaran ng lahat ng customer ng Long Beach Utilities sewer, na napapailalim sa isang pampublikong pagdinig at pag-apruba ng Konseho ng Lungsod. Kung maaprubahan, ang pagtaas sa mga rate ng tubig at imburnal ay magkakabisa sa Oktubre 1, 2024. Upang basahin ang isang isinaling kopya ng Paunawa sa Pampublikong Pagdinig na ito sa Espanyol, Khmer o Tagalog, mangyaring bisitahin ang [LBUtilities.org/budget](http://LBUtilities.org/budget) o tumawag sa (562) 570-2300 upang maipadala sa iyo ang isa. Upang humiling ng interpretasyon ng wika sa pampublikong pagdinig, mangyaring mag-email sa [commission@lbutilities.org](mailto:commission@lbutilities.org) bago ang Agosto 5, 2024, bago ang 5:00 p.m.